Paggawa ng Aplikasyon

Ang mga aplikasiyon para sa distritong pamimili ng School Choice ay magkakasama sa iisang madaling aplikasiyong School Choice na matatagpuan sa pahina 34 ng katalogong ito.

Pakiusap na Pansinin:

Ang palugit at patakaran sa aplikasiyon ay nabago! Sa ika-15 ng Pebrero ang huling araw para sa mga pamilyang kasalukuyang pumapasok sa distrito upang magbigay para sa School Choice.

Walang nahuling aplikasiyon ang tatanggapin. Ang mga pamilya ay magkakaroon ng isang pag-aalok sa pagpapalista maliban lamang kung kapaligirang paaralan. Mahalagang ang mga pamilya ay tingnang mabuti ang kanilang mga pipiliin at ninanais na paaralan. Magbigay lamang ng isang aplikasiyon sa bawa't mag-aaral, na nakalista ang lahat ng inyong napipisil na paaralan sa ayos ng pinakananais (una, pangalawa, atbp).

Ipadala ang aplikasyon sa:

Enrollment Options Office
4100 Normal Street, Annex 7-B
San Diego, CA 92103

Maaari rin ninyong gawin ang aplikasiyong School Choice ng inyong mag-aaral sa http://sandi.net/enrollmentoptions.

Alamin ang inyong mga Pamimilian!

Ang proseso ng aplikasiyon ay nangangailangan ng pagpili ng nangungunang tatlong (3) napiling paaralan, at maaari kayong maglista ng dalawang (2) karagdagang paaralan sa ayos ng pangunguna sa pagkakataong ang unang tatlong napili ay hindi maibibigay. Magkakaroon lamang ng isang pag-aalok ng pagpapalista sa bawa't mag-aaral batay sa inyong ibinigay na napipisil (1-5). Kailangan ng mga magulang na alamin ang tungkol sa mga piniling paaralan bago ibigay ang aplikasiyon ng kanilang mag-aaral. Pakiusap na basahin itong buong katalogo, mag-aksaya ng panahong dumalo sa mga paglibot sa paaralan at pasinaya para sa pagpapalista, makipag-usap sa ibang mga magulang, at alamin ang tungkol sa mga paaralan sa pagtunghay sa websayt ng distrito at ng mga paaralan. Ang mga mag-aaral na hindi natanggap ay dapat magbigay ulit ng aplikasiyon sa susunod na taon kung sila ay nais pa ring pumasok sa programa.

Kung may katanungan sa paggawa ng aplikasyon, tumawag sa tanggapan ng Enrollment Options sa (619) 725-5672 o mag-emayl sa eoptions@sandi.net. Kung interesado sa paaralang Charter, tawagan ang paaralan (tunghayan sa pahina 36).

Ano ang mangyayari sa aplikasiyon kapag ito ay ibinigay sa panahong ika-1 ng Nobyembre hanggang ika-15 ng Pebrero?

1. Ang petsa at oras na nakatimbre sa aplikasyon na dumating sa Office of Enrollment Options.
2. Ang aplikasiyon ay susuriin kung kumpleto. Ang mga aplikasiyon ng mag-aaral ay ipoproseso sa programa na magbibigay sa mag-aaral ng mataas na pangunguna sa programa (Magnet, PISC, VEEP, Open Enrollment) sa inyong una, pangalawa, pangatlo, pang-apat at panglimang napipisil.
3. Mga aplikasiyon sa Magnet, VEEP, at Open Enrollment ay bibigyan ng numero mula sa kompyuter na hindi sunod-sunod, at gagamitin upang makapili ng aplikasyon sa pamamagitan ng antas ng grado. Ang aplikasyon sa Magnet ay pipiliin din sa pamamagitan ng kumpol sa mataas na paaralan kung saan ang mag-aaral ay nakatira. Ang mga pagpapahalaga na nagtutulak sa mga mag-aaral sa mataas na pagpapalista ay ang mga sumusunod na kautusan: tuloy-tuloy; magkakapatid; PISC; pangkalahatang mga aplikasyon; sa labas ng distrito.
4. Ang mga magulang ay tatanggap ng isang sulat na nag-aalok ng pagpapalista mula sa Office of Enrollment Options. Dapat ipagbigay-alam ng mga magulang sa Enrollment Options kapag nabago ang tirahan. Kapag hindi naibigay ang kaalamang ito sa sistema ng Enrollment Options, ang tanggapan ay hindi kayo matatawagan. Kapag ang mag-aaral ay hindi nakapalista sa loob ng palugit na nakalista sa inialok ng pagpapalistang sulat, ang mga mag-aaral ay inaasahang magpapatuloy sa kanilang kasalukuyang paaralan o sa kanilang kapaligirang paaralan. Ang mag-aaral ay hindi mabibigyan ng pangalawang pagkakataon sa pagpapalista.

Anong mangyayari sa mga aplikasiyong ibinigay makalipas ang ika-15 ng Pebrero?

Ang mga apllikasiyong ay hindi na tatanggapin makalipas ang palugit na ika-15 ng Pebrero maliban kung ang pamilya ay bago sa distrito o kasalukuyang pamilyang SDUSD na napagtibay ng pagpalit ng tirahan na magbabago sa pangunguna. Katibayan sa bagong tirahan ay kailangan. Ang mga aplikasiyong natanggap makalipas ang ika-15 ng Pebrero ay ihahanay sa pangunguna para sa paglalagay batay sa petsa at oras na natanggap.

MAGPALISTA NGAYON!
Ang mga aplikasiyon ay dapat
na naibigay sa pagitan ng panahong
ika-1 ng Nobyembre at ika-15 ng Pebrero

Pangunguna sa Pagpapalista

Ang mga sumusunod na pangunguna ay nakahanay mula 1 hanggang 5, kung saan ang 1 ay nakatatanggap ng pinakamataas na lugar sa listahan ng bawat paaralan, sinusundan ng 2 at pagkatapos 3, 4 at 5 sa ganuong pagkakasunod-sunod.

	Magnet–Pahina 3	VEEP–Pahina 22	Open Enrollment–Pahina 23	PISC–Pahina 29
1	Pagtutuloy: Mag-aaral ng gitna at mataas na paaralan ay tuloy mula sa magkatulad na mga Magnet. (tingnan ang p. 5; kailangan ang aplkasyon)	Pagpapatuloy: Ang mga mag-aaral ng VEEP ay magpapahayag sa mga mag-aaral na naninirahang VEEP na paaralan para sa palagiang pakikipag-ugnayan. (walang aplikasyong kailangan)	Pagpapatuloy: Nakikipag-usap ang mga mag-aaral ng Open Enrollment sa mga mag-aaral na residente ng paaralang Open Enrollment para sa palagiang pakikipag-ugnayan. (walang aplikasyong kailangan)	
2	Kapatid ng kasalukuyang nakalistang mag-aaral	Kapatid ng kasalukuyang nakalistang mag-aaral	Kapatid ng kasalukuyang nakalistang mag-aaral	
3	Ang mga mag-aaral na may pinakamababang nagagawa at mula sa isang pamilyang may mababang pangkabuhayang nasa paaralang Program Improvement ay makatatanggap ng mataas na prioridad kaysa sa mas mataas ang nagagawa na paaralang Magnet.	Ang mga mag-aaral na may pinakamababang nagagawa at mula sa isang pamilya na na may mababang kinikita na nasa Program Improvement na paaralan ay makatatanggap ng mataas na prioridad sa mas mataas sa paggawa na paaralang VEEP.	Programa para sa Kumpol ng May Kakayahang Mag-aaral sa Mababang paaralan at mataas na paaralang bukod-tanging kurso (tingnan ang p. 24)	Ang mga mag-aaral na may pinakamababang nagagawa at mula sa isang pamilya na na may mababang kinikita na nasa paaralang Program Improvement ay tatanggap ng pinakamataas na prioridad sa tinalagang hindi Program Improvement na paaralan.
4	Pangkalahatang kahilingan ng Magnet na prioridad sa pamamagitan ng kumpol ng mataas na paaralan (tingnan ang 4 & 8)	Pangkalahatang kahilingan ng VEEP	Pangkalahatang Kahilingan ng Open Enrollment	
5	Sa labas ng distritong kahilingan ng Magnet		Sa labas ng distritong kahilingan ng Open Enrollment	

Pakiusap na Pansinin:

- **Paglalaro**: Tiyak na impormasyon ukol sa kung maaari o hindi maaaring makalahok sa pampalakasang paglalaro ang mag-aaral ay makukuha sa tanggapan ng District Athletic sa (619) 725-7126. Ang mga pagiging karapatdapat sa palakasan ay hiwalay sa pagpapalista. Ang pagpalit ng mga paaralan ay maaaring magkakaroon ng hindi magandang ibubunga ng pagiging karapatdapat bilang manlalaro.

- **Pag-aalaga sa mga Bata:** Ang batang nasa mababang paaralan na ang tagapag-alaga ay nasa loob ng hangganan ng paaralang pinili ay hindi ipraprayoridad. Kailangang magprisinta ng diretso sa paaralan ang mag-aaral kasama ang Child-Care Affidavit. Hinid lahat ng paaralan ay kumukuha ng Child-Care Affidavits, at ito ay dapat baguhin taon-taon.

- **GATE Seminar**: Ang mga mag-aaral sa kilalang GATE Seminar ay maaaring magbigay ng pamimiliang paaralan sa labas ng kanilang lupong pamimilian. Walang natatanging pangunguna ang ibinibigay.

- **Natatanging Pag-aaral:** Ang mga mag-aaral ng Natatanging Pag-aaral ay maaaring mag-aplay sa pamimiliang paaralan. Walang natatanging pangunguna ang ibinibigay.

- **Paglilipat:** Ang mga mag-aaral na nakalista sa isang programa ay dapat manatili sa paaralan para sa ta na sila ay nagpalista. Para makalipat, Kailangang matanggap ang hiling ng paglipat bago o sa huling araw ng trabaho bago magbukas ang paaralan sa Setyembre. Ang paglipat na pinirisinta habang may pasok ay hindi papayagan kung walang pirma ng parehong punong-guro. Ang paghiling lamang ng paglipat ay magpapaubaya sa mag-aaral na bumalik sa tirahang paaralan.